

Aklat ng mga Gawain: Plano ng Pag-iwas sa Sakuna ng Estado



Cal OES

GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

**Tara, Maghanda at
Magbawas ng Panganib
kasama si Mable ang Miti-
Goat!**



Kung Sakaling May Emergency

Pangalan ko: _____

Numero ng telepono ko: _____

Address ko: _____

Pangalan ng Magulang / Tagapag-alaga: _____

Numero ng telepono ng Magulang / Tagapag-alaga: _____

Iba pang pangalan ng contact: _____

Iba pang numero ng telepono ng contact: _____

Tagpuan: _____

Mga detalye ng emergency: _____

Gamot, kagamitan, at iba pa: _____

Mga tala: _____



Kumusta, mga kaibigan!

Idinisenyo ng State Mitigation Planning Unit ang kapana-panabik na activity book na ito para tulungan kang matutunan ang State Hazard Mitigation Plan at maunawaan kung bakit mahalaga ang pag-mitigate.

Samahan si Mable ang Munting Kambing sa isang masayang adventure para tuklasin ang mga paraan para manatiling ligtas at ma-mitigate ang mga panganib.

Kapag maalam, mas ligtas ang lahat!

Siguruhing kausapin ang mga magulang at guro mo tungkol sa mga estratehiya sa pag-mitigate sa panganib na makatutulong na protektahan ka, ang mga mahal mo sa buhay, at mga kaibigan mo.

Mag-enjoy! Ibahagi ang mga matututunan mo sa iyong pamilya at mga kaibigan.

Simulan na natin!

Ang mga kaibigan mo mula sa State Mitigation Planning Unit

Mahahalagang Termino

Mga Panganib - Mga bagay na maaaring delikado o nakapipinsala sa mga tao, hayop, o lugar. Ito ang mga problemang kailangan nating bantayan at paghandaan.

I-mitigate - Gawing mas hindi mapanganib o nakakatakot ang isang bagay. Isa itong paraan ng pagpapaliit o pagpapadali sa problema.

Pag-mitigate - Pagbabawas ng kalubhaan o panganib ng mga bagay. Mga hakbang ito para pigilan ang isang bagay na magdulot ng malalaking problema o padaliin ito.

Pagpaplano - Kapag pinag-iisipan mo nang maaga ang mga gagawin mo at ang pinakamainam na paraan para gawin ito. Para itong paggawa ng roadmap para tulungan kang maabot ang isang layunin!

State Hazard Mitigation Plan (SHMP) - Ang State Hazard Mitigation Plan (SHMP) ng California ay isang malaking planong panseguridad para sa California upang tulungan ang mga tao, tahanan, at kapaligiran laban sa mga peligro tulad ng mga lindol, sunog, baha, at tagtuyot. Ginawa ito ng mga ekspertong nakakaunawa ng mga posibleng pinsala at bumubuo ng mga ideyang para sa higit na kaligtasan.

Mga Uri ng Panganib sa California

Avalanche - Kapag gumuho ang limpak-limpak na niyebe, yelo, bato, o lupa mula sa isang bundok o burol. Maaari itong mangyari nang napakabilis at napakalakas.

Tagtuyot - Kawalan ng sapat na tubig sa mahabang panahon. Maaari nitong maapektuhan ang mga ilog, lawa, at pati ang ulan na kailangan ng mga halaman para tumubo.

Lindol - Biglaang pagyanig ng lupa dahil sa paggalaw ng mga bato sa ilalim ng lupa. Katulad ito ng pag-alog sa isang mesa at paggalaw ng lahat sa ibabaw nito.

Matinding Taglamig at Pagyelo - Kapag napakalamig sa labas. Puwede itong maging mapanganib sa mga tao, hayop, at halaman kung hindi handa ang mga ito.

Matinding Init - Kapag napakainit sa labas. Puwede itong maging mapanganib sa mga tao, hayop, at halaman kung hindi maingat ang mga ito.


Pagbaha - Kapag sobra-sobra ang tubig sa isang lugar, at natatabunan nito ang lupa. Puwede itong mangyari dahil sa matinding pag-ulan, pag-apaw ng mga ilog, o malalaking alon mula sa karagatan.

Pagguho ng lupa - Kapag gumuho ang lupa, mga bato, o putik mula sa isang burol o bundok dahil masyado nang mahina ang lupa. Tulad ito ng pagpapatong-patong ng lupa at bigla itong nahulog sa gilid ng burol.

Kawalan ng Kuryente - Kapag tumigil ang paggana ng kuryente sa loob ng ilang oras, at hindi mo magamit ang mga bagay na kailangan ng kuryente, tulad ng mga ilaw, TV, o refrigerator.

Tsunami - Malalaking alon na tumatawid sa dagat nang napakabilis at napakalaki kapag nakarating ito sa lupa.

Wildfire - Isang napakalaking sunog na mabilis kumalat sa mga lugar tulad ng mga gubat, damuhan, o burol. Sinusunog ng mga apoy na ito ang mga puno, halaman, at pati mga gusali kung masyadong lumapit ang mga ito.



Kumusta! Ako si Carlos.
Tuturuan kita tungkol sa Plano
ng Pag-mitigate ng Estado sa
Panganib (State Hazard
Mitigation Plan) sa 2023!



Kumusta! Ako si Eliza.
Narito ako para
tulungan kang mag-
enjoy sa kabuuan nito!




Ako si Mable ang
Munting Kambing. Sabik
na akong ipakita ang
lahat ng detalye!



Kumusta! Ako si Tyler.
Sama-sama nating
matutunan ang mga
estrategiya ng pag-
mitigate!



ANO ANG PLANO NG PAG-MITIGATE NG ESTADO SA PANGANIB (STATE HAZARD MITIGATION PLAN, SHMP)?



- Isang mahalagang gabay sa pag-mitigate ng panganib
- Inilalarawan ang
 - Mga nakaraan at kasalukuyang panganib sa California
 - Plano para i-mitigate ang mga panganib na iyon
 - Mga layunin sa pag-mitigate
 - Mga ideya sa pag-mitigate
- Ipinapakita kung paano maaaring humusay at magpatuloy ang California pagkatapos ng isang panganib
- Ginagabayan ang mga taong gumawa ng mahuhusay na desisyon tungkol sa pag-mitigate ng panganib
- Tinutulungan ang mga lokal na partner na bawasan ang mga peligro ng panganib



Webpage ng Pagpapaplano ng Pag-mitigate ng Estado sa Panganib

<https://tinyurl.com/StateHMP>

Humingi ng tulong sa isang adult para i-scan ang QR code na ito para matuto pa tungkol sa Plano ng Pag-mitigate ng Estado sa Panganib, pati ang iba pang kapaki-pakhabang na resource.

Ang Plano ng Pag-mitigate ng Estado sa Panganib (SHMP) ay ina-update kada limang taon.

Mga hakbang sa Pagpapaplano para sa Plano ng Pag-mitigate ng Estado sa Panganib:

Makipag-usap sa Lahat: Isasama natin ang mga taong pinahahalagahan ang kaligtasan sa ating komunidad.

Tukuyin ang mga Panganib: Hahanapin natin ang mga bagay na maaaring mapanganib o hindi ligtas sa ating paligid.

Bumuo ng isang Plano ng Pag-mitigate ng Estado sa Panganib: Gagawa tayo ng plano para tulungang panatilihin ang ligtas ang lahat at maiwasan ang mga problema sa hinaharap.

Isagawa ang mga Plano: Magtutulungan tayong gamitin ang iba't ibang resource para matupad ang mga ideya natin.

Sino ang mga Tutulong:

Mga Ahensiya ng Pamahalaan: Tumutulong ang mga grupong itong siguruhin ang kaligtasan sa antas ng estado.

Mga Kagamitan ng Estado: Kasama rito ang mga astig na bagay tulad ng mga mapa, at mga ekspertong mas maalam tungkol sa kaligtasan.

Mga Lokal na Boses: Nakikinig kami sa mga tao mula sa ating mga lungsod, county, komunidad, at Tribal Nation para makuha ang kanilang mga ideya.

Iba pang Katulong: Hinihingi din namin ang mga ideya ng mga paaralan, mananaliksik, at miyembro ng komunidad.

Ngayon, alam mo na
kung paano
ginagawa ang
SHMPI




Ilang Uri ng Panganib sa California:

- Wildfire
- Lindol
- Baha
- Matinding Init
- Matinding Taglamig o Pagyelo
- Pagguho ng lupa
- Tsunami
- Kawalan ng Kuryente
- Tagtuyot
- Buhawi



Maaaring magdulot ang mga panganib na ito ng peligro, pinsala, sakit, at pagkalito. Sa pag-alam sa mga ito at paghahanda, makakatulong tayong panatilihing ligtas ang lahat at bawasan ang mga panganib!



www.Ready.gov

Humingi ng tulong sa isang adult para i-scan ang QR code na ito para matuto pa tungkol sa mga panganib pati na ang iba pang kapaki-pakinabang na resource.

**Basahin ang bawat
kahulugan ng panganib at
tulungan si Mable na
itugma ang panganib sa
kahulugan nito!**



**Lindol
Baha
Buhawi
Wildfire**

**Tsunami
Tagtuyot
Kawalan ng Kuryente**

1. _____ Maaaring mangyari ang sakunang ito kapag nagdala ng maraming ulan ang mga bagyo, na nagdudulot sa masyadong pagtaas ng tubig.
2. _____ Maaaring mangyari ang sakunang ito kapag gumagawa ng malalaking alon sa karagatan ang lindol sa ilalim ng o malapit sa dagat.
3. _____ Kapag walang sapat na ulan sa mahabang panahon. Pinapatuyo nito ang lupa, at walang sapat na tubig na magagamit ng mga halaman, hayop, o tao.
4. _____ Mararamdaman mong gumalaw at umalog ang lupa kapag nangyayari ang sakunang ito.
5. _____ Mabilis gumalaw ang sakunang ito sa malalaking lupain at gumagawa ng maraming init at usok.
6. _____ Ibig sabihin, hindi gagana ang mga ilaw, TV, at refrigerator bago bumalik ang kuryente.
7. _____ Nagdadala ang sakunang ito ng malalakas na hangin na maaaring maging mapanganib dahil pinalilipad o pinapabagsak nito ang mga bagay.

Ano ang Pag-mitigate?

Ang pag-mitigate ang ginagawa ng mga lungsod, county, Tribo, at estado mo para pigilan ang mga sakunang sa paggawa ng napakalaking pinsala o pagpapahamak sa mga tao.

Ang pag-mitigate ay parang pagsusuot ng bike helmet. Kapag sumemplang ka, puwedeng masubsob ang tuhod mo, pero ligtas ang ulo mo. Nangyayari ang mga wildfire at lindol, pero may mga bagay tayong puwedeng gawin para bawasan ang pinsala nito sa bayan mo at sa iyo.

Sinisiguro ng pag-mitigate na matibay ang tahanan at komunidad mo bago ang isang sakuna.

Sino ang tumutulong sa Pag-mitigate?

Madalas ginagawa ang pag-mitigate ng mga pamahalaang lokal, pang-county, Tribal, at pang-estado, pati na rin ng iba't ibang tao o boluntaryong organisasyon. Pero alam mo ba? Puwedeng tumulong ang sinuman sa pag-mitigate!

Halimbawa, puwede mong siguruhing handa ang tahanan mo sa mga wildfire sa pamamagitan ng paggawa ng madedepensahang espasyo sa paligid nito. Nangangahulugan ito ng pagtanggal ng anumang bagay na maaaring masunog, tulad ng mga damuhan, puno, at iba pang madaling masunog na bagay.

**Puwedeng mag-ambag
ang lahat para
mapanatiling ligtas
ang ating komunidad!**





Tulungan si Mable na hanapin ang mga salita mula sa listahan. Bilugan ang bawat salitang mahahanap mo. Halimbawa, nakabilog na ang “BAHA” para sa iyo. GOOD LUCK!



LISTAHAN NG
MGA SALITA:

- BAHA
- WILDFIRE
- TAGTUYOT
- LINDOL
- INIT
- LAMIG
- PLANO
- KAWALAN NG
- KURYENTE

PAGGUHO NG LUPA

F	J	L	H	E	K	I	B	D	Y	N	K	O	U	V	D	U	N
D	C	I	Z	W	G	J	T	V	X	Z	E	B	K	N	R	D	T
S	Z	N	E	H	P	A	G	G	U	H	O	N	G	L	U	P	A
R	H	D	E	T	N	B	K	T	S	Z	W	M	L	H	O	N	G
D	T	O	F	W	R	S	L	A	M	I	G	S	X	F	S	V	T
S	A	L	C	I	U	E	Q	X	N	T	X	T	B	D	F	Z	U
K	A	W	A	L	A	N	N	G	K	U	R	Y	E	N	T	E	Y
C	C	X	D	D	Y	B	D	N	T	S	X	U	J	R	Z	N	O
W	B	O	G	F	H	I	R	H	I	J	C	N	E	A	Y	R	T
E	I	R	T	I	G	P	L	A	N	O	H	K	N	M	L	I	O
R	V	B	T	R	U	I	Y	W	I	E	P	L	B	A	H	A	K
W	E	T	B	E	H	F	H	N	T	S	E	A	V	B	M	B	N

Mga Tip sa Pag-mitigate at Kaligtasan para sa Iyo at Iyong Pamilya!

Matuto Tungkol sa mga Panganib: Alamin kung aling mga panganib ang maaaring mangyari malapit sa iyo, tulad ng mga lindol o baha.

Gumawa ng Emergency Kit: Gumawa ng masayang go bag na may tubig, meryenda, flashlight, mga baterya, listahan ng emergency contact, mga gamot, kumot, pet supply, at first-aid kit.

Gumawa ng plano ng sambahayan at magsanay: Kausapin ang iyong pamilya tungkol sa dapat gawin sa mga emergency at kung paano makikipag-ugnayan kapag nagkaroon ng emergency.

Manatiling Maalam: Tanungin ang mga magulang mo kung may mga bagay na dapat bantayan sa lugar ninyo, tulad ng mga bagyo, masamang lagay ng panahon, o mapanganib na mga lugar.

Manatiling Kalmado: Matuto ng masasayang paraan upang manatiling kalmado sa nakakatakot na panahon, tulad ng paglalaro ng paborito mong mga laro o pagbabasa ng paborito mong libro.

Magtanim ng mga Puno: Tulungan ang planeta sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno! Pinapatibay ng mga ito ang lupa sa gitna ng malalakas na ulan at binibigyan tayo ng mga ito ng silungan.


Ibahagi ang Mga Natutunan Mo: Turuan ang mga kaibigan at pamilya mo tungkol sa kaligtasan at kung paano maging handa!



Ano ang ilan sa mga
Tip sa Pag-mitigate at
Kaligtasan na
alam mo!



Hanapin ang mga gamit sa go bag mo!



Hanapin ang mga gamit sa go bag mo!


Nahanap mo ba ang
lahat
ng gamit?



Tuklasin ang mga salita sa puzzle!

plano
i-mitigate
mga baterya
pagkain
tubig
flashlight
kumot
gamot

Ngayong nahanap mo na
ang mga gamit sa go bag
mo, tulungan si Mable na
ibaybay ang ilan sa mga
gamit sa go bag!



Webpage ng Pagpaplano at Pagiging Handa

<https://tinyurl.com/planningpreparedness>




Humingi ng tulong sa isang adult para
tulungan kang i-scan ang QR code na ito
para matuto pa tungkol sa pagpaplano at
pagiging handa, at kaligtasan sa paaralan!

Kailangan nating tulungan
ang mga kaibigan nating
makauwi nang ligtas mula sa
hangin! Magtulungan tayo at
hanapin ang pinakamainam
na daan pauwi!

Maghanda, set, go!



LABASAN




Maghanda kasama ni Pedro

www.ready.gov/kids

Humingi ng tulong sa isang adult para tulungan
kang i-scan ang QR code na ito para maghanda
kasama ni Pedro, pati ang iba pang kapaki-
pakinabang na resource.

Magkulay tayo at magsaya!



May mahalagang misyon ang mga kambing: kumain ng mapapanganib na panggatong sa apoy tulad ng mga damo, iba pang halaman, damuhan, at sanga ng puno.




Sa pagnguya ng mga halamang ito, tumutulong silang gumawa ng natural na mga firebreak at pinapaliit nila ang panganib ng pagkalat ng mga wildfire sa kalapit na mga komunidad!



Kodigo ng sagot!

1. Baha Maaaring mangyari ang sakunang ito kapag nagdala ng maraming ulan ang mga bagyo, na nagdudulot sa masyadong pagtaas ng tubig.
2. Tsunami Maaaring mangyari ang sakunang ito kapag gumagawa ng malalaking alon sa karagatan ang lindol sa ilalim ng o malapit sa dagat.
3. Tagtuyot Kapag walang sapat na ulan sa mahabang panahon. Pinapatuyo nito ang lupa, at walang sapat na tubig na magagamit ng mga halaman, hayop, o tao.
4. Lindol Mararamdaman mong gumalaw at umalog ang lupa kapag nangyayari ang sakunang ito.
5. Wildfire Mabilis gumalaw ang sakunang ito sa malalaking lupain at gumagawa ng maraming init at usok.
6. Kawalan ng Kuryente Ibig sabihin, hindi gagana ang mga ilaw, TV, at refrigerator bago bumalik ang kuryente.
7. Buhawi Nagdadala ang sakunang ito ng malalakas na hangin na maaaring maging mapanganib dahil pinalilipad o pinapabagsak nito ang mga bagay.

F	J	L	H	E	K	I	B	D	Y	N	K	O	U	V	D	U	N
D	C	I	Z	W	G	J	T	V	X	Z	E	B	K	N	R	D	T
S	Z	N	E	H	P	A	G	G	U	H	O	N	G	L	U	P	A
R	H	D	E	T	N	B	K	T	S	Z	W	M	L	H	O	N	G
D	T	O	F	W	R	S	L	A	M	I	G	S	X	F	S	V	T
S	A	L	C	I	U	E	Q	X	N	T	X	T	B	D	F	Z	U
K	A	W	A	L	A	N	N	G	K	U	R	Y	E	N	T	E	Y
C	C	X	D	D	Y	B	D	N	T	S	X	U	J	R	Z	N	O
W	B	O	G	F	H	I	R	H	I	J	C	N	E	A	Y	R	T
E	I	R	T	I	G	P	L	A	N	O	H	K	N	M	L	I	O
R	V	B	T	R	U	I	Y	W	I	E	P	L	B	A	H	A	K
W	E	T	B	E	H	F	H	N	T	S	E	A	V	B	M	B	N





Cal OES

GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES



Webpage ng Dibisyon ng
Pagpapalano ng Pag-mitigate ng
Panganib



<https://tinyurl.com/StateHMP>

Pag-mitigate ng Panganib
Tahanan ng mga miti goat

Gawa ng:
Team ng Pagpapalano ng
Pag-mitigate ng Estado:
Aykanush Mikayelyan
Ryan Marth
Matt Muñoz